

 PhilHealth <i>Your Partner in Health</i>	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2021-0015
	Title	<u>Electronic Collection Reporting System (ECRS) (Revision 2)</u>

Tanong	Sagot
1. Sino ang gumagamit ng ECRS?	Lahat ng Accredited Collecting Agents (ACAs) na may over-the-counter (OTC) collection scheme.
2. Ano-ano ang mga kailangan para magkaroon ng account sa ECRS?	<p>Ang ACA ay kailangang magsumite ng mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kumpleto at pirmadong kopya ng Non-Disclosure Agreement (NDA); • Kumpleto at pirmadong PhilHealth Online Access Form (POAF); • Kopya ng ID sa kompanya ng nominadong empleyado; • Pagdalo sa oryentasyon tungkol sa paggamit ng ECRS.
3. Ano ang RF2A?	Ito ay report ng kabuuang koleksyon na ginawa ng bawat sangay ng ACAs na nagsisilbing pangsuportang dokumento sa remittance na nangyari sa loob ng itinakdang due date.
4. Ano-ano ang idinagdag sa naunang Circular (PC 2018-0015)	<p>Sa ilalim ng Policy Statement, idinagdag ang mga sumusunod na proseso para sa paggamit ng ECRS:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbuo ng RF2A • Pag-upload ng RF2A sa ECRS • Pag-deactivate ng User Account
5. Ano ang kailangang gawin kung sakaling magkamali ng pag-upload?	Anumang error o isyu ang maranasan sa proseso ng pag-upload ng RF2A sa ECRS ay dapat na iulat kaagad sa PhilHealth para sa karampatang aksyon.

